



Pag-alis sa Australia

Mga dayuhan

Dahil sa kasalukuyang sitwasyon sa Australia dahil sa COVID-19, kabilang ang mga paghihigpit sa hangganan ng estado at teritoryo, mga pagsasara ng negosyo at mga kailangan sa social distancing, hinihikayat ang lahat ng internasyonal na bisita na umalis kung posible itong gawin.

Mahalaga: Dapat mong mabatid na ang mga bansa sa buong mundo ay nagpapatupad ng kanilang sariling mga paghihigpit sa hangganan bilang tugon sa COVID-19 at nagbabawas ng kapasidad ang internasyonal na network sa himpapawid. Maaari itong makaapekto isa iyong kakayahang makapasok sa ibang bansa.

Muling makapasok sa Australia ang mga biyahero kung nakatutugon sila sa mga kondisyon sa pagpasok. Patuloy na sinusuri ang mga kailangang ito at maaaring magbago anumang oras.

Mga Australyano

Hindi maaaring bumiyahe sa ibang bansa ang mga mamamayang Australyano at permanenteng residente dahil sa mga paghihigpit ng COVID-19 ..

Gayunpaman, kung gusto mong umalis sa Australia, maaari kang [apply online](#) ng pahintulot para magbiyahe kung sakop ka ng isa sasumusunod na kategorya:

- ang pagbiyahe mo ay bahagi ng pagtugon sa paglaganap ng COVID-19, kabilang ang pagbibigay ng tulong
- mahalaga ang iyong biyahe sa pagsasagawa ng mahahalagang industriya at negosyo (kabilang ang mga industriya ng pagluluwas at pag-aangkat)
- bumibiyaha ka para makatanggap ng kagyat na medikal na gamutan na hindi available sa Australia
- bumibiyaha ka sa kagyat at hindi maiiwasang personal na lakad
- mahabagin o makataong mga dahilan
- ang iyong pagbibiyaha ay para sa pambansang interes.

Depende sa iyong dahilan sa paghiling ng pahintulot, kailangang magbigay ng ebidensiya at maaaring kabilang ang:

- katunayan ng pagkakakilanlan (ID)
- mga katibayan ng pagpapakasal
- mga katibayan ng kapanganakan
- mga katibayan ng pagkamatay
- katunayan ng relasyon (halimbawa, kasunduan sa magkasamang pangungupahan, joint bank account, atbp.)

- katayuan ng visa
- sulat mula sa isang doktor o ospital na nagpapahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyahe
- sulat mula sa employer na nagpapahayag kung bakit kailangan ang pagbibiyahe o mahalaga ang ginagawang trabaho
- sulat mula sa isang kaugnay na negosyo o kompanya
- anumang iba pang katunayan na mayroon ka para suportahan ang iyong mga kahilingan.

Lahat ng ebidensiya na sumusuporta sa isang kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyahe ay kailangang opisyal na isinalin sa wikang Ingles.

Kailangan mong mag-apply ng pahintulot sa lalong madaling panahon —nang hindi kukulangin sa 48 oras bago ang gusto mong oras ng pag-alis. Kung binigyan ng pahintulot, kailangan mong dalhin ang ebidensiya ng pahintulot na iyon sa paliparan

Hindi mo na kailangang mag-apply ng pahintulot kung ikaw ay:

- karaniwang residente sa isang bansa maliban sa Australia
- airline at maritime crew at mga kaugnay na manggagawa para sa kaligtasan
- mamamayan ng New Zealand na may-ari ng isang Special Category (subclass 444) na visa
- sangkot sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng mga papaalis at paparating na kargamento
- nauugnay sa mahahalagang gawain sa mga pasilidad sa ibang bansa
- bumibiyahe sa opisyal na lakad ng gobyerno, kabilang ang mga miyembro ng Australian Defense Force.

Mabatid na ang mga bansa sa buong mundo ay nagpapatupad ng kanilang sariling mga paghihigpit sa hangganan bilang tugon sa COVID-19 at nagbabawas ng kapasidad ang internasyonal na network sa himpapawid. Maaari itong makaapekto sa iyong kakayahang makapasok sa ibang bansa.